

Kagawaran ng Edukasyon

Araling

Panlipunan 10

Mga Isyu sa Kasarian at Lipunan
Ikalawang Markahan – Ikaapat na Linggo



Hyna Chrisjune B. Arrofo

Manunulat

Mark Joseph C. Fernandez

Tagasuri

Aileen C. Penaranda

Layout

Edwin C. Abalos

Mariel Eugene L. Luna

Katibayan na Kalidad



Schools Division Office – Muntinlupa City

Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave., Brgy. Tunasan, Muntinlupa City
(02) 8805-9935 / (02) 8805-9940




INAASAHAN

Ang modyul na ito ay nagbabahagi ng mga kaalaman tungkol sa kahulugan ng diskriminasyon at diskriminasyong kinakaharap ng mga babae, lalaki at LGBT. Ito ay naglalayong magkaroon ng mas malalim at malawak na pag-unawa tungkol sa mga isyu o usaping pangkasarian. Layunin nitong maisabuhay mo bilang isang mag-aaral ang kahalagahan ng paggalang at pagtanggap sa mga perspektibong may kinalaman sa mga isyung pangkasarian.

Sa pagtatapos ng araling ito, inaasahan na ikaw ay:

1. Nasusuri ang iba't-ibang diskriminasyon sa kasarian.
2. Napahahalagahan ang saloobin tungkol sa kahalagahan ng pagtanggap at paggalang sa iba't-ibang perspektibong isyung pangkasarian.
3. Makagagawa ng isang sanaysay na kahalagahan ng pagtanggap at paggalang sa karapatan ng isang indibidwal sa pagpili ng sariling kasarian at sekswalidad.



UNANG PAGSUBOK

Bago simulan ang ating pag-aaral tungkol sa diskriminasyong kinakaharap ng mga babae, lalaki at LGBT, atin munang suriin ang inyong nalalaman tungkol dito. Ang inihandang pagsusulit ay upang subukin kung ikaw ba ay may sapat o salat sa kaalaman tungkol sa paksang ating tatalakayin. Basahin at unawaing mabuti ang mga pangungusap sa bawat aytem.

- A. **Pagtapat-tapatin.** Piliin sa Hanay B ang terminohiyang hinihingi sa Hanay A.

Hanay A

1. Ang kauna-unahang tanging internasyunal na kasunduan ng komprehensibong tumatalakay sa Karapatan ng kababaihan hindi lamang sa sibil at pulitikal na larangan, kundi gayundin sa aspetong kultural, pang-ekonomiya, panlipunan at pampamilya.
2. Ginagamit na kolektibong termino para tumukoy sa komunidad ng mga indibidwal na may iba't-ibang pagpapahayag ng sekswalidad.
3. Pinagmulan ng mga komon na tingin o stereotype sa kasarian at ang pagkakakilanlan at katangian.

Hanay B

- a. Social Construct
- b. Diskriminasyon
- c. Gender Construct
- d. CEDAW
- e. LGBT
- f. Ideolohiyang pangkasarian
- g. Gender Ideology

4. Tumutukoy sa ano mang pag-uuri, eksklusyon o restriksyon batay sa mga kasariang naglalayong o nagiging sanhi ng hindi pagkilala, paggalang at pagtamasa ng lahat ng kasarian ng kanilang karapatan o kalayaan.
5. *Gender ideology* ang katawagang Ingles nito na may paniniwalang ang mga ang maghahanap buhay habang ang mga babae ay naiwan sa kanilang mga tahanan upang alagaan ang kanilang mga anak at gumagawa ng gawaing bahay.

B. **Panuto:** Tukuyin ang mga sumusunod na pangungusap batay sa diskriminasyong kasarian. Isulat ang letrang **L** kung pangungusap ay nagpapahayag ng diskriminasyon sa kalalakihan at **LG** kung ito naman ay sa LGBT. **K** kung naman ay sa kababaihan,

- _____ 1. Nagalit si Emma ng malaman nyang bisexual ang kanyang anak na si Arjay, sa halip na matanggap ay kinutya at pinalayas niya ito sa paniniwalang gawa ito ng demonyo.
- _____ 2. Hindi pumayag si Doktora Alice, isang OB-GYNE consultant at hindi tumanggap ng residente na lalaki dahil dapat babaeng doktor lamang ang dapat kilalanin.
- _____ 3. Pinaalis ng babae sa pagkakaupo ang lalaki sa bus, sabay sabi na “Ladies First, kuya. Ano ka ba, di ka man lang naging gentleman!”
- _____ 4. Hindi pinayagang pumasok ng banyo ng pambabae si Alex dahil panlalaki ang kanyang damit at porma bukod sa lalaki sya kumilos.
- _____ 5. Naniniwala si Prof. Hermano na dapat mas mataas ang marka ng mga lalaking estudyante ng kursong Criminology para mataas ang tsansa ng oportunidad at mas nababagay ito sa kanila.
- _____ 6. Lumaban si Bb. Angela bilang isang Miss Spain sa Miss Universe ngunit marami ang nagtaas ng kilay nang malaman ng publiko na isa siyang transgender. Sinabi ng mga kritiko na ang Miss Universe na pangbabae lamang ang patimpalak na ito.
- _____ 7. Pinasalo ng kapatid ni Mark ang obligasyon sa naiwan nilang ama sa kanilang bahay dahil sabi sa kanya di naman siya magkakaanak dahil gusto niya ng kapwa lalaki.
- _____ 8. Ikinakalat ang balita na magkasintahan ang matalik na magkaibigan na sina Tony at Jason dahil uso daw ang magkasintahang bakla ngayon.
- _____ 9. Nanalumpati si Senator Norman na hinango niya sa Bibliya, tanging babae at lalaki lamang ang likha ng Diyos kaya sila lamang ang dapat kilalanin.
- _____ 10. Mas pinapaboran ng boss si Henry dahil lagi siyang maagap kumilos sa trabaho kaysa kay Belle na nung nakaraan ay nag-file ng maternity leave.



BALIK-TANAW

**Ako'y Buuin, Upang
Kasaguta'y Iyong Maangkin.**

Panuto: Ayusin ang mga letra sa kahon upang mabuo ang salitang hinihingi sa bawat bilang.

DERENG OLER

1. Tumutukoy sa mga gawaing iniuugnay sa babae at lalaki batay sa nakagisnan sa lipunan.

RENGED ITENDITY

2. Pagkakakilanlangpangkasarian na tumutukoy sa pagtingin ng isang insibidwal sa kanyang sarili bilang isang kasapi ng isag particular na kasarian.

NARIKASA

3. Ang distinksyong sosyolohikal o kultura na iniugnay sa pagiging babae, lalaki o intersex.

ESX

4. Tumutukoy sa biyolohikal at pisyolohikal na katangian ng na nagtatakda ng pagkakaiba ng lalaki sa babae.

RENDEG

5. Ito ay tumutukoy sa mga panlipunang gampanin, kilos, at gawain na itinatakda ng lipunan para sa mga babae at lalaki.

Mga Gabay na Tanong

1. Ano ang pagkakaiba ng seks at kasarian?
2. Bilang isang mag-aaral bakit mahalagang maunawaan mo ang mga ito sa pag-unawa sa mga isyung pangkasarian?
3. Sa iyong palagay ano ang epekto ng paglilimita sa mga partikular na gampaning panlalaki at pambabae sa kakayahan bilang isang indibidwal?



PAGPAPAKILALA NG ARALIN

Kahulugan ng Diskriminasyon



- Ito ay tumutukoy sa anumang pag-uuri, eksklusyon o restriksyon batay sa mga kasariang naglalayong o nagiging sanhi ng hindi pagkilala, paggalang at pagtamasa ng lahat ng kasarian ng kanilang karapatan o kalayaan.
- Tumutukoy sa hindi pantay na paglalarawan at pagtrato sa isang tao o indibidwal.
- Hindi makatarungang pagtrato sa isang indibidwal dahil sa pagkakaiba ng kanilang katangian.



Bakit nagkakaroon ng diskriminasyong pangkasarian?

- Maaaring ito ay bunga ng isang tradisyon, ibang salik at pamantayang binuo ng tao sa lipunan.
- Pagkakaroon ng ideolohiyang pangkasarian o **gender ideology** na kung saan ito ang nagiging batayan ng isang diskriminasyong pangkasarian. Ang ideolohiyang ito ay ang paniniwala sa angkop na gampanin sa lipunan ng mga kalalakihan at kababaihan. Katulad na lamang ng paniniwalang ang mga lalaki ay ang magha-hanapbuhay habang ang mga babae ay naiwan sa kanilang mga tahanan upang alagaan ang kanilang mga anak at gumagawa ng gawaing bahay. Malaki ang ambag ng pamilya, edukasyon, relihiyon at media sa pagpapalaganap ng ideolohiya sa kasarian.
- Ang pagkakaroon **gender construct** pinagmumulan ng mga komon na tingin o *stereotype* sa kasarian at ang pagkakakilanlan at katangian.

Halimbawa na lamang ay ang paniniwalang ang lalaki ay madaldal o maingay habang ang babae ay mahinhin at malumanay sa pagsasalita.

- Ang **social construct** o likhang panlipunan na kung saan tinatalakay ang di patas na pagkilala sa kapangyarihan sa pagitan ng lalaki at babae sa lipunan.

Halimbawa nito ay ang usaping pulitikal o ang pamumuno, ang paniniwalang ang mga babae ay walang kakayahang mamuno sapagkat sila ay kinikilalang marupok at emosyonal habang ang mga lalaki ay kinikilalang malakas at may lohikal na pagpapasya o mag-isip.

Diskriminasyon sa mga Lalaki, Babae at LGBT

Nakararanas ng diskriminasyon ang mga kababaihan pagdating sa karapatang magmay-ari, edukasyon, pang-ekonomiya, serbisyong pangkalusugan, sa pagpapasya at kontrol sa impormasyon at komunikasyon. Limitado ang mga oportunidad para mga kababaihan na magkaroon ng seguridad at kalayaan sa buhay, maayos at disenteng hanapbuhay, at ganap na pakikiisa/pakikilahok sa mga pampublikong mga larangan.

Ang **CEDAW o Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women** ay naglalayong sugpuin ang mga diskriminasyon laban sa mga kababaihan at ilan sa kanilang mga naitala na usapin na kung saan kadalasang napagkakaitan ng karapatan ang mga kababaihan ay tulad ng trabaho, pulitika at panunungkulan, populasyon at reproductive health, karahasan laban sa kababaihan at kabataan at pagbebenta. Ang pangunahing layunin nito ang pagkakaroon ng pantay na karapatan ang mga kababaihan.

Ayon sa naging datos ng LFS (Labor Force Survey) NSO noong 2004, naging laganap pa rin ang pagbibigay ng trabaho batay sa kasarian. Marami pa ring mga babae sa mga trabahong di nalalayo sa kanilang papel sa tahanan tulad ng pangangasiwa ng opisina at serbisyong propesyonal at karamihan sa mga lalaki ay nasa malalaking industriya. Sa usaping pulitika at panunungkulan, sinisiguro ng CEDAW (Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women) ang karapatan ng mga babae na (1) bumoto, tumakbo sa eleksyon at manungkulan sa anumang posisyon sa gobyerno (Article 7). (2) Makilahok sa Non-Government Organizations (NGO) at mga asosasyon na may kaugnayan sa pulitika at publikong kalagayan ng bansa. (Article 7) at (3). Magkaroon ng pagkakataong maging kinatawan ng gobyerno sa internasyunal na antas at makilahok sa gawain ng mga organisasyong internasyunal (Article 8).

Ang mga kalalakihan ay nakatatanggap din ng diskriminasyon sa lipunan tulad ng mga gampanin sa tahanan, trabahao at maging sa karahasan. Dahil ang mga lalaki ay kinikilalang malakas at likas na pinuno, kung ang babae ay pinaniniwalaang tagapag-alaga, kaya nababagay sila sa mga tranahotulad ng nurse at guro, samantalang ang lalaki ay tagapagbigay suporta o *provider* at ang may huling pasya sa lahat ng mga desisyong pampamilya. Kaya naman kapag ang lalaki ay naiiwan sa tahanan at ginampanan ang mga gampanin ng isang babae sila ay nadidiskrimina. Halimbawa na lamang dito ang tawag na “**Under de saya**” ito ay maling konsepsiyon ng lipunan sa lalaking masunurin o takot sa kanyang asawa. Ito ay kadalasang nagiging biro sa mga lalaking tiklop sa kanilang mga asawa.

Ang mga kalalakihan ay nagiging biktima rin ng karahasan tulad na lamang ng Domestic Violence ngunit walang malinaw na datos sa bilang ng mga lalaking naging biktima ng pang-aabuso.

Nakararanas ng pang-aabuso katulad *extrajudicial killings*, kawalan ng akses sa hustisya, paglabag sa karapatang pagkapribado at edukasyon. Ilan lamang ito sa dinaranas ng mga indibidwal na LGBT bunga ng di pantay na pagtingin sa sekswalidad.



GAWAIN

Halina't Ating Suriin!

Itala ang mga sumusunod:

Mga Miyembro Ng Pamilya	Mga Gampanin	Trabaho/Pinagkakaabalahan

Mga Gabay na Tanong

1. Ano ang iyong napuna sa mga trabaho o pinagkakaabalahan ng miyembro ng inyong pamilya?
2. Ang bawat gampanin ba ng miyembro ng pamilya ay nakabatay sa kasarian?
3. Sang-ayon ka ba sa gampaning mayroon ka sa iyong pamilya? Pangatwiranan.



TANDAAN

- ✓ Pagkakaroon ng ideolihayang pangkasarian o **gender ideology** ay nagiging batayan ng diskriminasyon laban sa mga kababaihan, kalalakihan at LGBT.
- ✓ Ang pagkakaroon ng diskriminasyon ay maaring bunga ng isang tradisyon, ibang salik at pamantayang binuo ng tao sa lipunan.
- ✓ Ang pagkakaroon ng ibat-bang pananaw sa kasarian at panlipunan ay nagdudulot di pantay-pantay na pagkilala sa karapatan ng bawat isa.
- ✓ Ang pag-unawa sa kasarian at sekswalidad ay isang hakbang sa pagtanggap at paggalang sa bawat kasarian sa lipunan.



PAG-ALAM SA NATUTUHAN

Bumuo ng isang maikling sanaysay na nagsusulong sa kahalagahan ng pagtanggap at paggalang sa karapatan ng isang indibidwal sa pagpili ng sariling kasarian at sekswalidad.

Rubrik/pamantayan sa pagmamarka

Pamantayan	Deskripsyon	Puntos	Natamong Puntos
Nilalaman	Kumpleto at hitik sa impormasyon. Makabuluhan ang bawat talata.	40	
Bisa ng wika	Angkop ang mga piniling salita. Mahusay ang nabuong kaisipan.	40	
Kabuuang presentasyon	Naipaliwanag nang mahusay ang paksa. Lohikal ang pagkakasunod ng detalye.	20	
Kabuuang puntos		100	



PANG-WAKAS NA PAGSUSULIT

A. **Panuto:** Tukuyin ang mga sumusunod na pangungusap batay sa diskriminasyong kasarian. Isulat ang letrang **K** kung ang pangungusapay nagpapahayag ng diskriminasyon sa kababaihan, **L** naman kung sa kalalakihan at **LG** kung ito naman ay sa LGBT.

- _____ 1. Naniniwala si Prof. Hermano na dapat mas mataas ang marka ng mga lalaking estudyante ng kursong Criminology para mataas ang tsansa ng oportunidad at mas nababagay ito sa kanila.
- _____ 2. Ikinakalat ang balita na magkasintahan ang matalik na magkaibigan na sina Tony at Jason dahil uso daw ang magkasintahang bakla ngayon.
- _____ 3. Mas pinapaboran ng boss si Henry dahil lagi siyang maagap kumilos sa trabaho kaysa kay Belle na nung nakaraan ay nag-file ng maternity leave.
- _____ 4. Hindi pinayagang pumasok ng banyo ng pambabae si Alex dahil panlalaki ang kanyang damit at porma bukod sa lalaki sya kumilos.
- _____ 5. Hindi pumayag si Doktora Alice, isang OB-GYNE consultant at hindi tumanggap ng residente na lalaki dahil dapat babaeng doktor lamang ang dapat kilalanin.

- _____ 6. Nanalumpati si Senator Norman na hinango niya sa Bibliya, tanging babae at lalaki lamang ang likha ng Diyos kaya sila lamang ang dapat kilalanin.
- _____ 7. Lumaban si Bb. Angela bilang isang Miss Spain sa Miss Universe ngunit marami ang nagtaas ng kilay nang malaman ng publiko na isa siyang *transgender*. Sinabi ng mga kritiko na ang Miss Universe ay pambabae lamang na patimpalak.
- _____ 8. Nagalit si Emma nang malaman niyang bisexual ang kanyang anak na si Arjay, sa halip na matanggap ay kinutya at pinalayas niya ito sa paniniwalang gawa ito ng demonyo.
- _____ 9. Pinasalo ng kapatid ni Mark ang obligasyon sa naiiwan nilang ama sa kanilang bahay dahil sabi sa kanya di naman siya magkakaanak dahil gusto niya ng kapwa lalaki.
- _____ 10. Pinaalis ng babae sa pagkakaupo ang lalaki sa bus, sabay sabi na “Ladies First, kuya. Ano ka ba, di ka man lang naging gentleman!”

B. **Panuto:** Isulat ang **T** kung ang pahayag ay tama at kung mali ay isulat ang tamang sagot.

- _____ 1. Ang hindi makatarungang pagtrato sa isang indibidwal dahil sa pagkakaiba ng kanilang katangian ay matatawag na diskriminasyon.
- _____ 2. Ang social construct ay pinagmumulan ng mga komon na tingin o stereotype sa kasarian at ang pagkakakilanlan at katangian.
- _____ 3. Ang pamilya ay isang salik na humuhubog sa kamalayang kasarian.
- _____ 4. Ang paniniwalang ang mga lalaki ay ang magha-hanapbuhay habang ang mga babae ay naiiwan sa kanilang mga tahanan upang alagaan ang kanilang mga anak at gumagawa ng gawaing bahay ay isang likhang panlipunan.
- _____ 5. Ang CEDAW ay naglalayong sugpuin ang mga diskriminasyon laban sa mga kababaihan.

SANGGUNIAN:

“Ang Alintuntunin Ng Mga Karapatang Pantao (Human Rights Code) Ng Ontario,”n.d.
<http://www.ohrc.on.ca/tl/pagkakakilanlan-ng-kasarian>

<https://www.dbp.ph/wp-content/uploads/2018/06/CEDAW.pdf>

-Araling Panlipunan10 Isyu at Hamong Panlipunan-Learner’s Manual, pp. 289

-Mga Kontemporaryong Isyu Vival Group, Inc. at nina Mary Dorothy dL. Jose; Atoy M.Navarro; Jerome A. Ong; Vicente C. Villan, PhD. KKK Serye 10 K to 12 Edisyon, 2017 pp.10

A.1)K, 2)LG, 3)K, 4)LG, 5)K, 6)LG, 7)LG, 8)G, 9)LG, 10)L
B.1) T, 2) Gender construct, 3)T, 4)Ideolohiyang pangkasarian, 5)T

Pangwakas na Pagsusult

1) Gender Role, 2) Gender Identity, 3) Kasarian, 4)Sex, 5)Gender

Balik Tanaw

A.1)D, 2)E, 3)C, 4)B, 5)F
B.1)LG, 2)K, 3)L, 4)LG, 5)K, 6)LG, 7)LG, 8)LG, 9)LG, 10)K

Unang Pagsubok

SUSI SA PAGWAWASTO: